British Columbia's
Office of the Human Rights
Commissioner

# Rights in focus (Pagbibigay-diin sa mga karapatan): Mga katotohanang naranasan sa B.C.



Buod | Agosto 2024

British Columbia's
Office of the Human Rights
Commissioner

# Pagbibigay-diin sa mga karapatan: Mga katotohanang naranasan sa B.C.

## Agosto 2024

Hinihikayat ng British Columbia's Office of the Human Rights Commissioner (BCOHRC) ang distribusyon at pagpapalitan ng impormasyon na nakasulat sa publikasyon na ito. Ang lahat ng materyales na nasa publikasyon na ito ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution 4.0 International Licence, maliban sa mga larawan at images, logo ng BCOHRC, anumang branding o mga trademark, mga nilalaman o materyales na inilaan ng mga pangatlong partido at kung saanman ito nakapahayag. Pare rebyuhin ang lisensya, bisitahin ang: **creativecommons.org/licenses/by/4.0/**

Kinikilala ng BCOHRC ang mahalagang ugnayan ng pagprotekta sa kalikasan at pagprotekta sa mga karapatang pantao. Ang isang paraan upang mabawasan namin ang aming epekto sa kapaligiran ay ang paglimita ng mga print na kopya ng aming mga report. Kung nahihirapan kang basahin ang electronic format ng report na ito, mangyaring kontakin ang aming Opisina para humingi ng isang naka-print na kopya.

Suporta para sa mga apektadong komunidad: Nauunawaan namin na maaaring nakababahala ang ilang impormasyon sa report na ito. Ang mga isyu na ipinahayag, bagama't mahalagang eksaminin sila, ay mabibigat, lalo na para sa mga lubos na naapektohan nito. Ang mga taga-British Columbia na nababalisa habang binabasa report na ito, o na nangangailangan kaagad ng tulong, ay maaaring mag-access ng listahan ng crisis lines at emergency mental health support na inilagay namin sa aming website sa: **bchumanrights.ca/support**

Maraming mga tauhan ng BCOHRC ang lumahok sa pagdibelop ng report na ito sa iba't-ibang panahon. Nais pasalamatan ng Commissioner ang lahat ng lumahok sa paggawa ng report na ito, kabilang na ang core Baseline Project team at lalo na si Monica Petek at si Ryan Tonkin.

Ang publikasyon na ito ay mahahanap sa electronic format sa website ng British Columbia's Office of the Human Rights Commissioner: **bchumanrights.ca/in-focus**

ISBN: 978-1-990626-13-5

**© British Columbia's Office of the Human Rights Commissioner**
536 - 999 Canada Place
Vancouver, BC V6C 3E1
1-844-922-6472 | **info@bchumanrights.ca**

British Columbia's
Office of the Human Rights
Commissioner

Sa mga Indigenous sa lugar na ito na tinatawa na natin ngayong British Columbia: Pinag-iisipan namin kayo at ang inyong mga ninuno sa araw na ito. Pinanatili ninyong malakas ang inyong mga unceded homeland. Nagpapasalamat kaming manirahan at magtrabaho dito.

# Ehekutibong buod

Ang Rights in Focus report na ito ay isang ulat ng kondisyon ng mga karapatang pantao sa is British Columbia. Binibigyang-diin ng report ang mga importanteng hindi pagkakapantay-pantay at ang mga kawalan ng katarungan hinggil sa sampung mahahalagang sektor. Binibigyang-diin ng report kung paano nagiging problema sa karapatang pantao ang bawat isa sa mga isyu na ito at kung gaano nila naaapektohan ang karamihan ng mga marginalized (isinasantabi) na mga tao sa ating mga komunidad.

Ang bawat seksyon sa report na ito ay nagbibigay-diin sa naiibang sistema — halimbawa ang sistema ng child welfare, ang sistema ng edukasyon, at ang sistema ng kriminal na hustisya. Inilalarawan namin kung paano mas naaapektohan nang masama ng bawat sistema ang mga partikular na komunidad o mga indibidwal. Ang bawat “Spotlight” na subsection ay nagbibigay-diin sa isang ispesipikong aspeto ng mga malawak na sistemikong isyu na ito, habang nagbibigay ng detalye sa ilan sa mga kapansin-pansin at nakakapinsalang paraan na naaapektohan ng isyu na iyon ang mga buhay at mga karapatang pantao ng mga tao.

Dinodokumento ng report na ito kung ano ang ating natutunan mula sa iba’t-ibang sources, kabilang na ang pakikipagtalakayan sa mga táong pinaka-naapektohan, survey ng mga organisasyon na nagtratrabaho para pahusayin ang mga isyu at pagsasaliksik na isinagawa ng mga akademiko, mga pamahalaan, at non-governmental organizations. Sinasalamin din nito ang mga legal na responsibilidad at mga pangakong mahahanap sa itinakdang batas, constitutional at international human rights law, na siyang lahat ay nagproprotekta sa pangunahing karapatang magkaroon ng pagkakapantay-pantay.



## Ang 10 issue area

- **Ang karapatang magkaroon ng pamamahay** ay para ang lahat ay magkaroon ng progressive realization (progresibong pagsasakatuparan) na magkaroon ng katanggap-tanggap na pamamahay. Ang progressive realization ay nangangahulugan na ang lahat ng mga antas ng pamahalaan ay obligadong kumilos para maging totoo ang pangunahing pangangailangang ito gamit ang available resources. Pero ang residents ng B.C. ay mayroon pa ring pinakamataas na rate ng hindi abot-kayang pamamahay sa Canada. Dahil dito ay tumataas ang bilang ng mga táong homeless at ang mga encampment: ayon sa 2023 homeless count, may dagdag na 31 porsiyentong mga tao ang homeless kumpara sa noong 2020/21. Ang kawalan ng abot-kayang pamamahay ay mas nakakaapekto sa mga marginalized na grupo, kabilang na ang mga táong may mga kapansanan, mga Indigenous, at mga kababaihan. Sa **seksyon ng pamamahay**, bibigyang-diin namin kung paano lalo nang naaapektohan ang mga kababaihan ng "nakatagong" homelessness, kung saan iniiwasan nila ang homelessness sa pamamagitan ng pagtanggap ng substandard, hindi ligtas, o mapang-abusong pamamahay.

- **Ang karapatang magkaroon ng sapat na standard of living** ay nagbibigay sa lahat ng progressive realization na magkaroon ng buhay nang walang karalitaan. Ito'y depende sa isang hanay ng mga patakaran at mga programa ng pamahalaan, tulad ng minimum na suweldo at social assistance, na tinatawag na social safety net. Sa kasalukuyan, ang social safety net ay nagkukulang at hindi nagsisigurado ng sapat na standard of living; humigit-kumulang sa isa sa siyam na residents ng B.C. ang nabubuhay sa kahirapan. Bukod pa rito, pagkatapos na bumaba nang ilan taon ang poverty rate, ito'y tumaas mula 7.6 porsiyento noong 2020 at naging 11.6 porsiyento noong 2022. Sa **seksyon ng social safety net** ay bibigyang-diin namin kung ilang mga táong dumaranas ng karalitaan ang siya ring dumaranas ng diskriminasyon dahil sa kanilang kondisyon sa lipunan. Sa kasamaang-palad ay hindi labag sa bataas ang ganoong diskriminasyon.

- **Ang karapatang magkaroon ng edukasyon** ay nagbibigay sa mga estudyante ng karapatang matrato nang patas sa isang ligtas, inklusibo, at accessible na kapaligiran para sa pag-aaral. Pero sa B.C. ay may mga malalaking pagkakaiba ang mga grupo pagdating sa resulta ng edukasyon. Ayon sa ebidensiya, ang mga grupong may pinakamasamang resulta ay humaharap ng exclusion, rasismo, at diskriminasyon sa mga eskwelahan. Halimbawa, 92 porsiyento ng lahat ng mga estudyante ay nakakatapos ng high school sa loob ng anim na taon, pero 78 porsiyento lamang ng mga estudyanteng may mga kapansanan at 75 porsiyento lamang ng mga Indigenous na estudyante ang nakakatapos sa ganoong katagalan. Bukod pa rito ay may mga gap sa edukasyon na may kinalaman sa mga karapatang pantao, at ang pagtuturo ng panlipunang katarungan ay nagiging mas kontrobersyal. Sa **sistema ng edukasyon** ay binibigyan-diin namin ang mga karanasan ng LGBTQ2SAI+ na mga bata at kabataan sa mga eskwelahan at ang kontrobersya sa paligid ng SOGI 1 2 3, isang supplementary education resource na dinisenyo para lumikha ng mga inklusibong espasyo sa edukasyon. Ang SOGI 1 2 3 ay lubos na hindi nauunawaan at ito'y naging paksa ng malaking politikal na aksyon noong 2023.

- **Ang karapatang tratuhin nang patas sa trabaho** ay nagbibigay sa mga tao ng karapatan na tratuhin nang pantay-pantay sa lugar ng trabaho. Ngunit mayroon pa ring makikitang mga epekto ng sistemikong diskriminasyon sa labour market. Ang mga táong may mga kapansanan ay humaharap sa mga pag-aalinlangang pananaw tungkol sa kanilang mga kakayahan sa trabaho. Kumpara sa mga lalaki, ang mga babae ay mas malamang na magtrabaho nang part-time at kumita ng 68 cents lamang para sa bawat dolyar. Ang mga indigenous na tao ay hindi kasing malamang na magkaroon ng mga secure na trabaho tulad ng mga táong hindi indigenous. Ang isa sa 10 táong sumagot sa isang poll na isinagawa para sa aming Opisina ay nagreport na nakaranas sila ng diskriminasyon batay sa kanilang identidad kapag nag-aaplay sila ng trabaho sa B.C. Ito'y alinsunod sa ibang research na nagpapakita na ang mga táong mula sa mga marginalized na grupo ay mas malamang na hindi empleyado, hindi nagtratrabaho sa mga secure na trabaho o may mga manager na tungkulin, at na mas mababa ang kanilang kinikita para sa kanilang trabaho. Sa **employment section**, binibigyang-diin namin ang mga karanasan ng temporary foreign workers. Ang mga manggagawang pansamantalang nagpupunta sa B.C. sa pamamagitan ng Temporary Foreign Workers Program ay lalo nang vulnerable dahil ang kanilang immigration status ay nakatali sa kanilang employment. Ang relasyon na ito ay nagbibigay sa mga employer ng temporary foreign workers

ng lubos na lakas sa employment relationship at maraming mga manggagawa ang nagrereport na ang lakas na iyon ay masyadong madalas na inaabuso.

- **Ang karapatang magkaroon ng health care** ay nagbibigay sa lahat ng karapatang makuha ang pinakamataas na makukuhang pamantayan ng pangangalaga. Ang mabuting kalusugan ay nangangailangan ng napapanahong access sa mahusay na medikal na interbensyon, at kailangan din dito ng malinis na tubig, masustansiyang pagkain, at sapat na pamamahay. Sa B.C., maraming mga tao ang walang access sa basic care, kabilang na ang 17 porsiyento na walang regular na health care provider. Ang mga táong nasa rural at mga liblib na komunidad ay mayroon pang ibang mga kakulangan sa pangangalaga. Ang mga táong may marginalized identities ay may mas maikling buhay, nagrereport nang mas masamang pangkaisipang kalusugan, at dumaranas ng diskriminasyon sa sistema ng health care. Ang krisis na ito sa health care ay lumala sa mga nakaraang taon dahil sa pandemya ng COVID-19 at sa krisis sa mga droga. Sa **seksyon ng health care** ay bibigyang-diin namin ang krisis sa mga droga. Ang hindi reguladong supply ng mga droga ay pumapatay ng libu-libong B.C. residents bawat taon. Pero ang mga táong naghahanap ng treatment ay humaharap ng malalaking hadlang, kabilang na ang hindi sapat na dami ng tauhan, nakagugulong requirements sa access, at nagkukulang na social support.

- **Ang karapatang tratuhin nang patas sa mga pampublikong lugar** ay nagbibigay sa lahat ng karapatang lumahok nang husto at nang libre sa buhay panlipunan, pamppolitika, at pangkultura. Sa mga nakaraang taon ay nanganib ang karapatang ito dahil sa dumaraming kilusan ng poot at ng far-right na ang layunin ay ang patahimikin ang mga boses ng mga marginalized na tao. Ang poot ay karaniwan sa panglabas na mga pampublikong lugar at online. Isa sa limang Canadians, kabilang na ang 29 porsiyento ng racialized na mga tao, ang nakaranas ng isang anyo ng poot, panliligalig, o karahasan online. Ang mga insidente ng poot ay tumaas nang husto sa panahon ng pandemya ng COVID-19 at bilang pagtugon sa kamakailan lamang nangyayaring karahasan sa Gaza. Ang pagtaas na ito ay makikita sa hate crimes na inirereport sa pulis at gayundin sa maraming mga insidenteng hindi inirereport sa pulis. Sa **seksyon ng mga pampublikong lugar** ay bibigyang-diin namin ang tungkulin ng mis/disinformation sa pagkalat ng poot. Habang pabagsak ang pagtitiwala sa mga institusyon, pataas naminnaman ang poot dahil sa mis/disinformation na naka-share online. Ito'y makikita sa ilang mga kasong nangyari kamakailan lamang, halimbawa, mis/disinformation tungkol sa pagkalat ng COVID-19 virus, na siyang nag-ambag sa pagtaas ng poot laban sa Asian Canadians.

- **Ang karapatang tratuhin nang makatarungan sa sistema ng kriminal na hustisya** ay nagbibigay ng karapatan sa lahat na tratuhin nang patas ng pulis at ng mga bilangguan. Ang indigenous at racialized na mga tao at ang mga táong may mental health o substance use (MHSU) disorders (mga problema sa pangkaisipang kalusugan o paggamit ng droga) ay lubos na nanganganib na magkaroon ng mga negatibong pakikipag-ugnayan sa sistema ng kriminal na hustisya. Halimbawa, sa anumang araw sa 2023, mga 1,829 na indidwal ang nasa B.C. correctional centres at mahigit sa one-third (662) nito ang kumilala sa sarili bilang Indigenous. Sa **seksyon ng kriminal na hustisya**, bibigyan-diin namin ang mga karanasan ng mga táong may mga paghahamon sa MHSU sa mga bilangguan. Halimbawa, maraming mga táong may MHSU disorders ang tumatanggap ng treatment sa mga bilangguan, pero madalas din silang napapailalim sa mga nakaka-trauma na paggamit ng puwersa tulad ng segregation. Sa maraming kaso, ang segregation ay labag sa international minimum standards para sa pagtrato ng mga bilanggo. Ito'y lumilikha ng karagdagang panganib para sa mga táong may MHSU disorders pagkatapos sila palayain. Halimbawa, ang rates ng nakamamatay na overdose ay higit pa sa triple pagkatapos na pagkatapos na lumabas ng custody.

- **Ang karapatang tratuhin nang makatarungan sa pamilya** ay nagbibigay sa lahat ng karapatang magkaroon ng substantive equality at maging malaya sa karahasan sa kanilang mga tahanan at sa kanilang mga sekswal na relasyon. Ang pagiging hindi pantay-pantay sa pamilya ay patuloy na makikita sa hindi patas na paghahati ng trabaho; anuman ang employment status ng mga kababaihan, mas marami silang panahong ginugugol kaysa sa mga lalaki pagdating sa pangangalaga sa bata at mga gawain sa bahay. Ang karagdagang trabahong ito sa tahanan ay pinalulubha ng mas mababang bayad sa trabaho, karagdagang pinansyal na kahirapan, at kahirapang umalis sa mga abusadong relasyon. Mahigit sa three-quarters ng B.C. residents na nagreport ng intimate partner violence (IPV) sa pulis ay mga babae at mga batang babae, at ang IPV ay mas madalas pang nangyayari kaysa sa mga bilang na inirereport sa pulis. Sa **seksyon ng**

**pamilya** ay bibigyang-diin namin ang maling paggamit ng parental alienation allegations sa mga kaso ng family law na may kinalaman sa karahasan sa pamilya. Sa ilang mga kaso, ang mga ina na nagrereport ng karahasan ay inaakusa naman ng "parental alienation" — isang pag-angkin na nangangahulugang sinusubukan nilang manipulahin ang mga bata laban sa kanilang ama. Ang pag-angkin na ito ay kadalasang sineseryoso ng mga hukuman pero ito'y walang mapapagkatiwalaang ebidensiya.

- **Ang karapatang tratuhin nang makatwiran ng sistema ng child welfare** ay nagbibigay sa lahat ng karapatang kumilos ang pamahalaan nang proactive para panatilihing ligtas at magkakasama-sama ang mga pamilya tuwing maaari. Ang bilang ng children and youth in care (CYIC) (mga bata at kabataang inaalagaan) ay bumaba na sa mga nakaraang taon, pero mas naaapektohan ng sistema ng child welfare ang mga bata mula sa mga marginalized na pamilya, lalo na ang mga Indigenous, mga dumaranas ng karalitaan, o may mga kapansanan. Halimbawa, kahit na sila'y 10 porsiyento lamang ng populasyon, 68 porsiyento ng CYIC ay Indigenous. Ang mga bata at kabataan ay kadalasang inilalagay sa pangangalaga dahil "napabayaan," pero maraming mga pamilya ang humaharap ng mga sistemikong hadlang na nagkukunwaring pabaya pero sa katotohanan ay wala sa kontrol ng mga magulang. Kabilang sa mga halimbawa nito ang kawalan ng abot-kayang pamamahay at suporta sa pangkaisipang kalusugan. Ang mga bata at kabataang ihinihiwalay sa kanilang mga pamilya para maprotektahan ay humaharap din ng mga bagong panganib tulad ng pisikal at sekswal na karahasan. Bukod pa rito, patuloy na naghihirap ang sistema ng child welfare dahil kulang ang mga tauhan. Sa **seksyon ng child welfare** ay bibigyang-diin namin ang mga karagdagang paghahamon na hinaharap ng mga bata at kabataang may mga kapansanan, at ng kanilang mga pamilya. Para sa mga bata at kabataang may mga kapansan, ang kakulangan ng resources sa mga panahong kritikal sa development ay maaaring mauwi sa mga konsekwensiya sa kalusugan na nauuwi sa mga hindi pantay-pantay na pagtrato sa kanilang buong buhay. Ang resources ay nakatago sa likod ng mga diyagnosis, at hindi ang lahat ng mga diyagnosis ay trinatrato nang pantay-pantay. Ang mga pamilya ay inaapi hanggang sa hangganan at isinasaalang-alang pa nga ng ilan sa kanila na ilagay sa care ang kanilang mga anak para makakuha sila ng suporta.
- **Ang lahat ng mga karapatang pantao ay dumedepende sa malinis at sustainable na kapaligirang mabuti sa kalusugan**. Ang pagbabago ng klima, matinding lagay ng panahon, polusyon, at iba pang mga krisis sa kapaligiran ay nagbabanta sa mahalagang pundasyon na ito para sa pag-iral ng mga tao. Ang panganib ay mas nararanasan ng mga marginalized na tao na nag-ambag ng pinaka-kaunti sa krisis at na may pinaka-hindi secure na mga karapatan. Ito'y nakita sa mga kamakailan lamang na taon habang ang walang-katulad na pagbabaha, mga heat wave, at wildfires ay sumira sa biodiversity, mga buhay, at mga pag-aari sa buong province. Gayunpaman, patuloy na nag-aambag nang mas malaki ang B.C. sa krisis ng klima at hindi nito matutupad ang kanyang mga isinabatas na emissions reduction targets. Sa **seksyon ng krisis sa kapaligiran** ay bibigyang-diin namin ang mahalagang tungkulin ng mga Indigenous sa pagtugon sa pagbabago ng klima. Ang mga Indigenous ay eksperto pa rin sa pag-akma sa klima pero ang kanilang mga tinig ay madalas na hindi pinakikinggan ng mga mainstream na inisyatibo. Kapag iginitna ang mga pananaw ng Indigenous, muling mabubuhay ang mga istratehiya sa pag-akma sa klima, tulad ng kamakailan lamang nakita sa mas malawak na pagkilala sa cultural burning at sa Indigenous fire stewardship.

Ang mga sistemikong hindi pagkakapantay-pantay na binibigyang-diin sa Rights in Focus report na ito ay umaapekto sa ating lahat pero mas isinasapanganib nito ang mga táong pinaka-marginalized sa ating lipunan. Ang 10 isyu na inilalarawan dito ay hindi nararanasan nang hiwalay; maraming residents sa British Columbia ang dumaranas ng mga paglabag sa kanilang mga karapatang pantao sa iba't-ibang mga dako ng kanlang buhay sa mga paraang nagtatagpo at nagdaragdag sa panganib.

Tayo'y makakakilos kapag lamang tayo'y nakakaintindi. Habang ang report na ito ay nagbibigay-diin sa kung saan tayo patuloy na nagkukulang sa pagtaguyod ng mga karapatan ng lahat ng British Columbians, binibigyan din natin ng karangalan ang maraming malalakas na paraan ng pagtutol ng iba't-ibang mga klaseng tao sa pang-aapi, ng paninindigan para sa mga karapatang pantao at pagsira sa mga sistema para lumikha ng mga mas mahusay na sistema. Ang aming pangarap ay ang magsilbi ang larawan na ito ng mga karapatang pantao sa ating province bilang catalyst para sa pagbabago.

British Columbia's
**Office of the Human Rights Commissioner**

536 – 999 Canada Place
Vancouver, BC V6C 3E1
1-844-922-6472 | **info@bchumanrights.ca**

bchumanrights.ca
@humanrights4bc
humanrights4bc

[Tagalog]